

Page para sa Accessibility / Tulong

Ang Governor's Interagency Council on Health Disparities (Konseho ng Pagkakaiba-iba sa Kalusugan ng Iba't Ibang Ahensiya ng Gobernador) (Konseho) ay naninindigang tiyaking may access ang lahat ng tao sa impormasyong ibinabahagi namin.

Nagbibigay ang Konseho ng libreng serbisyo sa wika, gaya ng kalipikadong interpreter ng wika at nakasulat na pagsasalin, para tiyaking may makabuluhang access sa mga aktibidad ang mga taong may limitadong kaalaman sa wikang English.

Nagbibigay din ang Konseho ng libreng tulong at serbisyo, gaya ng kalipikadong interpreter ng sign language, closed captioning, at nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, atbp.), para epektibong makipag-usap sa mga taong may kapansanan.

Kung gusto mong makita sa ibang format o wika ang anumang nilalaman ng website na ito, mag-email sa healthequity@sboh.wa.gov. Para makatugon kami sa paraang makatutulong sa iyo nang pinakamabuti, pakisabi ang:

- Uri ng iyong pangangailangan
- Gusto mong format (elektronikong format, malaking print, atbp.) o wika
- Web address ng hinihiling na materyal (kung alam)
- Impormasyon mo sa pakikipag-ugnayan, para makausap ka namin kung kailangan ng karagdagang impormasyon.

Sumusunod ang Governor's Interagency Council on Health Disparities sa angkop na pederal at pang-estadong mga batas sa mga karapatang sibil tungkol sa kawalan ng diskriminasyon. Hindi kami nangdi-discriminate o namumuwera ng mga tao batay sa lahi, kulay, pananalig, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, kapansanan, kasarian, pagpapahayag at pagkakakilanlan sa kasarian, seksuwal na oryentasyon, katayuan sa pagpapakasal, katayuan sa pamilya, relihiyon, katayuan bilang beteranong marangal na tinanggal sa trabaho o sa militar, o sa paggamit ng sinanay na asong gabay o nagseserbisyong hayop ng isang taong may kapansanan.

* Marami pang impormasyon ang nasa aming webpage na **[Paunawa tungkol sa Kawalan ng Diskriminasyon.](#)**

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon o may tanong ka hinggil sa Americans with Disabilities Act (ADA, Batas sa mga American na May Kapansanan), pumunta sa ADA.gov (sa English) o makipag-ugnayan sa [Linya ng Impormasyon ng U.S.](#)

[Department of Justice \(Kagawaran ng Katarungan ng U.S.\)](#) (sa English; ang linya ay may impormasyon sa Spanish).

- 800-514-0301 (boses)
- 1-833-610-1264 (TTY)

Bukas ang Linya ng Impormasyon ng ADA mula Lunes hanggang Miyerkules, at Biyernes nang 9:30 a.m. – 12:00 p.m. at 3:00 p.m. - 5:30 p.m., at Huwebes 2:30 p.m. – 5:30 p.m. (Eastern Time).